Pamumuhay sa Paraang Nakalulugod sa Diyos (Bahagi 2)

Batay sa kabanata 12 ng aklat na *Ano Ba Talaga ang Itinuturo ng Bibliya?* na available sa jw.org/tl.

LAYUNIN: Suriin ang paniniwala mo at kung bakit mo iyon pinaniniwalaan, alamin ang itinuturo ng Bibliya, at tingnan kung paano mo maipaliliwanag sa iba ang iyong paniniwala.

MAGAGAWA PA RIN BA NATIN ANG KALOOBAN NG DIYOS KAHIT NA SINASALAKAY TAYO NI SATANAS?

1 SURIIN ANG PANINIWALA MO

Bakit kaya may mga nagsasabing hindi?

Bakit kaya may mga nagsasabing oo?

Ano ang paniniwala *mo?*

Bakit iyon ang pinaniniwalaan mo?

www.jw.org © 2016 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

2 ALAMIN ANG ITINUTURO NG BIBLIYA

Matagumpay na napagtiisan ng tapat na lalaking si Job ang pagsalakay ni Satanas.

(Tingnan ang kabanata 12 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 6-12.)

Basahin ang Job 1:10, 11.

Ano ang ginawa ni Satanas para sirain ang kaugnayan ni Job sa Diyos?

Basahin ang Job 1:22; 27:5.

Ano ang naging reaksiyon ni Job sa pagsalakay ni Satanas?

Miyentras mas malalim ang ugat ng puno, mas matatag ito sa mga bagyo. Gayundin ang kaugnayan natin sa Diyos; miyentras mas matibay ito, mas matitiis natin ang mga pagsubok

www.jw.org © 2016 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

Gusto ni Satanas na pahintuin ka sa paglilingkod kay Jehova, pero tutulungan ka ni Jehova.

(Tingnan ang kabanata 12 ng aklat na *Itinuturo ng Bibliya,* parapo 13-16.)

Basahin ang Kawikaan 24:10 at 1 Pedro 5:8.

Paano natin nalaman na gumagamit si Satanas ng direktang pagsalakay (gaya ng pag-uusig) at tusong pagsalakay (gaya ng panghihina ng loob) para sirain ang kaugnayan natin sa Diyos?

Basahin ang Job 42:12-17 at Kawikaan 27:11. (Tingnan ang larawan sa pahina 1.)

Paano natin nalaman na natutuwa si Jehova kapag nananatili tayong tapat sa kaniya?

Ano ang nadarama mo na puwede mong mapasaya si Jehova sa mga desisyon mo?

www.jw.org © 2016 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania

3 IPALIWANAG ANG IYONG PANINIWALA

KUNG MAY MAGSASABI…

Kapag nakakaranas ng mahihirap na sitwasyon ang isang tao, siguradong may nagawa siyang kasalanan.

PUWEDE MONG SABIHIN…

Maaaring marami ang sasang-ayon diyan. Pero iba ang paniniwala ko dahil…

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?

_____

KUNG MAY MAGSASABI…

Di-hamak na mas makapangyarihan ang Diyos kaysa sa mga tao, kaya kahit ano'ng gawin natin, walang epekto sa kaniya.

PUWEDE MONG SABIHIN…

Totoong walang limitasyon ang kapangyarihan ng Diyos. Pero naniniwala akong puwede natin siyang mapasaya kasi…

_____

_____

Anong teksto sa Bibliya ang puwede mong ipabasa sa kaniya?

_____

Paano mo gagamitin ang tekstong iyan para mangatuwiran sa kausap mo?

_____

www.jw.org © 2016 Watch Tower Bible and Tract Society of Pennsylvania